**Impormasyon para sa mga Magulang at mga Tagapag-alaga**

BRITISH COLUMBIA

# Ang lahat na tungkol sa Pundasyon sa (Foundation Skills Assessments) Pagsusuring mga Kakayahan

## Ano ang Pundasyon sa Pagsusuri ng mga Kakayahan (Foundation Skills Assessments)

Ang FSA ay isang pagsusuri ng pag-aaral para sa lahat ng baitang 4 at 7 na mga mag-aaral. Itinutuon nito ang mga lugar ng **kakayahang bumasa at sumulat** at **pagbilang**.

Ang mga resulta ng FSA ay isang paraan ng pagsukat kung paano ginagawa ng sistema ng edukasyon sa mahahalagang bagay na ito. Sinusuri nito kung paano nag-iisip, nakikipag-ugnayan at mag-muni ang mga mag-aaral - hindi lang ang mga katotohanang alam nila.

Ang FSA ay hindi nilayong gamitin para i-ranggo ang mga mag-aaral, guro, o paaralan. Ang FSA ay isang buod ng pag-aaral ng mag-aaral sa isang sandali. Para sa mga magulang at mga tagapag-alaga, ito ay nagsasabi sa inyo kung saan nararapat ang inyong anak sa kanilang pag-unlad sa kakayahang bumasa't sumulat at pagbilang, pati na rin sa mga lugar na maaaring kailangan nila ng suporta. Kapag nakikibahagi ang lahat ng mga mag-aaral, binibigyan din nito ang Ministri ng Edukasyon at Pangangalaga sa Bata ng malinaw na larawan ng kung paano isinasagawa ng sistema ng edukasyon sa kabuuan.

## Bakit mahalaga ang FSA?

Ang Ministri ng Edukasyon at Pangangalaga sa Bata ang nagtatakda ng mga pamantayan sa kung ano ang matutunan ng inyong anak at, kasama ang mga guro, nag-iisip ng mga paraan upang sukatin kung gaano nila ito maayos na natututo. Ang layunin ay para sa iyong anak (at ng lahat ng mga mag-aaral sa British Columbia) makakuha ng mahusay na edukasyon upang sila ay handang harapin ang buhay pagkatapos ng pagtatapos at matulungan silang maging edukadong mamamayan.

Isang paraan upang tiyakin ng Ministry ang kalidad ng pag-aaral ng mag-aaral ay sa pamamagitan ng FSA. Ang FSA ay tumutulong sa atin na maunawaan kung ano ang hitsura ng pag-aaral sa buong lalawigan. Ito ay nagbibigay-daan sa atin na makita kung paano natututo ang iba't ibang grupo ng mga mag-aaral at alamin kung saan nila maaaring kailangan ng karagdagang tulong. Tumutulong din ito sa atin na maunawaan kung gaano kahusay ang British Columbia sa paglipas ng panahon.

Ginagamit ng Ministri ang impormasyong ito upang tiyakin na ang pag-aaral ng inyong anak ay "nasa tamang landas" at hindi sila naiiwan. Ang datos na ito ay nagbibigay-daan din sa atin na malaman kung gaano kahusay ang mga mag-aaral sa British Columbia kumpara sa mga mag-aaral sa ibang mga lalawigan sa Canada at sa iba pang bahagi ng mundo. Ang FSA ay nagbibigay ng kumpiyansa sa parehong Ministri at mga magulang at tagapag-alaga na ang mga mag-aaral ay mayroong sapat na kasanayan sa kakayahang bumasa't sumulat at pagbilang na kinakailangan para sa kanilang kinabukasan.

Ang **kakayahang bumasa at sumulat** ay ang kakayahan ng iyong anak na maunawaan ang wika at makipag-ugnayan sa iba't ibang paraan ng komunikasyon.

Ang **pagbilang** ay ang kakayahan ng inyong anak na magamit ang mga mahalagang kasanayan sa matematika, malutas ang mga suliranin, at ipahayag ang mga solusyon.

## Ang FSA:

- Ang FSA ay **hindi** isang mataas na panganib na pagsusuri
- **Hindi** ito ginagamit upang i-ranggo ang mga mag-aaral, guro, o mga paaralan.
- **Hindi** ito nakakaapekto sa mga marka o report kard ng mga mag-aaral.
- Nagbibigay ito ng mahalagang impormasyon tungkol sa pag-aaral ng mag-aaral.
- Tiyak na ang lahat ng mga mag-aaral ay nagkakaroon ng malakas na pundasyon sa kakayahang bumasa't sumulat at pagbilang.
- Gumagabay sa pagpapabuti sa sistema ng pang-edukasyon ng British Columbia.

# Impormasyon para sa mga Magulang at mga Tagapag-alaga

## Paano makikilahok ang iyong anak?

Ang FSA ay isasagawa ng inyong anak bilang bahagi ng kanilang karaniwang pag-aaral sa silid-aralan. Hindi kailangang maghanda ang inyong anak para sa pagsusuri. Ang FSA ay binubuo ng limang bahagi na maaaring ikalat sa loob ng ilang mga araw o mga linggo sa panahon ng taglagas ng ika-4 at ika-7 baitang ng taon ng paaralan ng inyong anak. Ang bawat bahagi ng pagsusuri ay hindi lalampas ng isang oras, kaya't hindi ito aabutin ng masyadong maraming oras mula sa pag-aaral sa silid-aralan. Narito ang inaasahan ng inyong anak:

| Bahagi | Paglalarawan | Oras |
|---|---|---|
| **Gawain sa kakayahang bumasa't sumulat na nakabatay sa papel** | Isang pagtutulungang aktibidad at 3 nakasulat na tugon sa mga tanong. | 60 mga minuto |
| **Online na gawain sa kakayahang bumasa't sumulat** | **30 mga katanungan** | 60 mga minuto |
| **Gawain sa pagbilang batay sa papel** | 3 nakasulat na tugon ng mga tanong at 1 sariling sumasalamin na tanong. | 45 mga minuto |
| **Online na gawain sa pagbilang** | **30 mga katanungan** | 60 mga minuto |
| **Pagmumuni-muni sa sarili** | 1 piniling tugon na tanong at 1 nakasulat na tugon ng tanong. | 5 mga minuto |

Ilang mga mag-aaral ang maaaring makaramdam ng nerbiyos tungkol sa mga pagsusulit. Ang pag-uusap tungkol sa FSA sa tahanan ay maaring makatulong sa inyong anak na maunawaan ang layunin ng pagsusuri. Maari ding makatulong ito na ang iyong anak magkaroon ng mas kumpiyansa sa pagsusulat nito.

Makakatanggap kayo ng buklet sa pagsusulit ng inyong anak pagkatapos ito ay namarkahan. Ang pagmamarka ay ginagawa ng mga guro gamit ang timbang ng kahusayan ng lalawigan, parehong timbang ginagamit para sa mga report kard para sa kindergarten hanngang Baitang 9. Para sa FSA, ang "Umuunlad" at "Kahusayan" ay pinagsama sa isang timbang ng isang kategorya, upang malaman ninyo kung ang inyong anak ay "Nasa Tamang Landas" sa kanilang pag-aaral sa kakayahang bumasa't sumulat at pagbilang.

| Umuusbong | Nasa tamang landas | Lumalawak |
|---|---|---|
| ibig sabihin nito na ang inyong anak ay nagsisimulang maunawaan ang mga inaasahang konsepto. | ibig sabihin nito na halos na nauunawaan ng inyong anak ang mga inaasahang konsepto. | ibig sabihin na ang inyong anak ay kayang gamitin ang kanilang natutunan sa bago at iba't ibang mga paraan |

Kasama sa mga nakasulat na komento mula sa mga guro at ang timbang ng kahusayan sa mga report kard, ang mga resulta ng FSA ay maaaring isa pang kapaki-pakinabang na pagkukunan ng impormasyon upang malaman kung saan naroon ang inyong anak sa kanilang pag-unlad sa kakayahang bumasa't sumulat at pagbilang at kung saan sila patungo sa kanilang susunod na pag-aaral.

## Paano ginagamit ang mga resulta ng FSA?


Ang mga resulta ng FSA ay nag-aalok ng mga kaalaman sa mga magulang, tagapag-alaga, guro, paaralan, distrito, at sa Ministri. Nagbibigay ito ng mahalagang impormasyon sa lahat ng mga antas ng sistema ng edukasyon na tumutulong sa pagpapabuti ng pag-aaral ng mga mag-aaral.

- Para sa mga magulang, mga tagapag-alaga, at guro, ang mga resultang ito ay nagpapakita kung gaano kagaling ang mga mag-aaral sa kakayahang bumasa't sumulat at pagbilang.
- Magagamit ng mga guro, paaralan, at distrito kung paano magagamit ang mga resulta ng FSA upang tumulong suportahan ang pagtuturo sa silid-aralan. Maaring makita nila kung saan ang mga mag-aaral ay mahusay at kung saan maaring nila kailanganin ang karagdagang tulong.
- Ang mga paaralan, distrito, at ang Ministri ay maaaring gamitin ang mga resulta ng FSA upang mapabuti ang sistema ng edukasyon. Umaasa rin ang Ministri sa FSA upang ipanatili ang mataas na mga pamantayan sa pag-aaral upang tulungan ang mga mag-aaral umunlad sa kanilang mga kasanayan sa kakayahang bumasa't sumulat at pagbilang.

## Kailan sinusuri ang kakayahang bumasa't sumulat at pagbilang?

Mahalagang malaman na ang mga resulta ng FSA ay hindi para i-ranggo ang mga mag-aaral, guro,paaralan, o mga distrito. Ang mga ranggo ay hindi nakatutulong sa pag-aaral at hindi rin nagpapabuti sa sistema ng edukasyon sa British Columbia. Ang FSA ay isa lamang sa datos at hindi sumasalamin sa lahat ng pagtuturo at pag-aaral na nangyayari sa isang paaralan. Iyan ang dahilan kung bakit ang Ministr ay hindi gumagawa, nagbabahagi, o sumusuporta sa anumang mga pagra-ranggo.

**Pundasyon sa mga Pagsusuri ng mga Kakayahan (Foundation Skills Assessments)**




**Makipag-ugnayan sa amin**

assessments@gov.bc.ca

Curriculum.gov.bc.ca